



**Pangalan:** ______________________________________

| **Aralin 3** | **Pagkamagalang o Respect** |
|---|---|

## *Subukin* 

**Panuto: Piiliin ang letra ng wastong sagot.**



1. Humiram ka ng lapis sa iyong kaklase, isinaulimo ito pagkatapos mong gamitin.
   a. Walang anuman
   b. Maraming Salamat
   c. Ito na ang lapis mo



2. Tinanong ka ng iyong nanay kungnasagutan mo na ang iyong aralin.
   a. Opo, nanay.
   b. Oo, nanay.
   c. Mamaya na lang nanay



3. Malayo sa iyo ang pitsel ng tubig at ipapaabot mo ito sa iyong ate.
   a. Ate, iabot mo ang tubig.
   b. Ate, tubig.
   c. Ate, paki abot ng tubig. Salamat.



4. Tumatakbo ka at nabunggo mo ang iyong kalaro.
   a. Nakaharang ka kasi.
   b. Tatakbo na lamang palayo.
   c. Patawad, hindi ko sinasadya.




5. Nanghiram ang kapatid mo sa iyo ng krayola, isinauli niya ito sa iyo at nagpasalamat.
   a. Walang anuman
   b. Salamat
   c. Pasensiya na

LIVEWORKSHEETS

## Balikan

**Panuto:** Iguhit ang puso ( ♥ ) kung ang larawan ay nagpapakita ng paggalang sa pamilya o kapwa at Ekis **(X)** kung hindi

1.________




2. ________



3.________



4. __________



5. ______________



## Tuklasin

**Basahin at sagutan ang mga tanong pagkatapos ng kwento.**


### Si Isko

Si Isko ay magalang na bata. Hindi niya nakakalimutang gumamit ng magagalang na pananalita. Sa tuwing nakikiapag- usap sa kaniyang nanay o sa iba, palaging inaalala ang kahalagahan ng paggalang sa kapwa. Po at opo madalas niyang gamitin sa tuwing siya ay nakikipag-usap sa nakatatanda.




LIVEWORKSHEETS

"Maki" o"paki" madalas niyang gamitin sa tuwing nakikisuyo o maynais abutin. Ito ay isang habilin kay isko na ginagawa niya sa tuwi- tuwina.




Pasasalamat hindi kinakalimutang bigkasin o sambitin sa tuwing maynagbibigay sa kaniya ng kahit anumang bagay.




Hindi rin niya kinakalimutangsumagot k apag may nagpapasalamat sa kaniya.





Hindi niya nakakalimutang huminging paumanhin kung mayroon siyang pagkakamaling nagawa.




Iyan si Isko, ipinagmamalaki ng kaniyang mga magulang. Isang huwarang bata na hinahangaan at dapat tularan ng mga bata sapaaralan.

LIVEWORKSHEETS

## *Suriin* 

**Panuto: Sagutan ang mga sumusunod na katanungan tungkol sa kuwento. Isulat ang wastong sagot sa iyong sagutang papel.**


1. Sino ang bata sa kwento?
   A. Kiko B. Iska C. Isko

2. Anong magalang na pananalita ang ginamit ni Isko sa tuwing tinatanong siya ng kaniyang nanay?
   A. Po at opo B. Oo C..hindi

3. Ano ang ginagamit niya kung may nais siyang ipakisuyo?
   A. Pwede B. paki C. wala

4. Ano ang sinabi ni Isko sa nagbigay sa kaniya ng regalo?
   A.maraming salamat B. walang anuman C. patawad

5. Bakit ipinagmamalaki si Isko ng kaniyang mga magulang?
   a. Siya ay matapat na bata
   b. Siya ay masunuring bata.
   c. Siya ay magalang na bata.

## *Pagyamanin* 

**Panuto:** Basahin ang pangungusap. Isulat ang **P** kung ito ay tumutuoy sa pakisuap at **S** naman kung ito ay pasasalamat.

________1. Maari mob a akong tulungan sa paglinis ng ating sasakyan?


________2. Pwede po bang dahan-dahan lang ang pagsara ng pinto?

________3. Maari bang makahiram ng pantasa?

________4. Binigyan ka ng laruan ng ninang mo sa iyong kaarawan.

________5. Natuwa ka sa dalang pasalubong ng nanay mo.

LIVEWORKSHEETS

## *Isagawa* 

**Panuto:** Piliin sa kahon ang ❤ kung nagpapakita ng paggalang sa pamilya at kapwa at **O** naman kung hindi.

_______1. Kuya, puwede mo ba akong samahan sa tindahan may bibilihin lang ako.

_______2. Dalhin mo lahat ng gamit sa loob ng bahay, pasigaw na sabi ng matanda.

_______3. Si Ana ay binigyan ng kanyang lola ng perang pambaon,siya ay lubos na nagpasalamat.

_______4. Nagalit si Allysa dahil inutusan siya ng ate niya.

_______5. Nagpasalamat si Lito dahil nakatanggap siya ng regalomula sa tita niya.

## *Tayahin* 

**Panuto:** Ilagay ang ✔ kung ito ay pakiusap at ❤ kung itonaman ay pasasalamat.

________1. Maari mo bang pakipulot ng aking lapis sa ilalim ng upuanmo?

________2. Binili ng ate mo ang laruang gusting gusto mo.

________3. Masaya kang umuwi dahil nilibre ka ng kaibigan mo ngsorbetes.

________4. Pwede mo bang pakikuha ng aking bag sa ibabaw nglamesa?

________5. Ate, pakisara nga po ng gripo sa lababo.

LIVEWORKSHEETS